# LUNSOD NG SAN DIEGO
## Alkalde



**FLOYD MORROW**

**Negosyante,**
**Dating Miyembro ng Konseho, Abugado**

*Noong nakaraang tatlumpung taon, pagkatapos maglingkod bilang isang* ***Kinatawang Abugado ng Lunsod****; ako ay* ***ibinoto ng 12 taon ng mga residente ng ika-5 Distrito****. Ang aking trabaho na paggawa sa San Diego bilang isa* sa pinakamagandang lunsod *ng* ***America*** *ay kinilala at pinarangalan. Ngayon, pagkatapos ng 25 taon ng maling pamamahala, maling mga pangunahing tuon, pagsasawalang bahala, at kabulukan,* *ang pinakamagaling* *ay hindi na umuukol!* ***Kapag naiboto****, ang aking* ***layunin*** *ay ang pagpapalit, pagpapaayos, at pagbabalik! Magkasamang nagtutulungan, gagawin natin ang San Diego* ***na ligtas, abot-kaya, luntian, at mayaman!***

**Floyd Morrow**, www.morrowformayor.com (***salamat po***)

- **U.S.M.C.** Beterano ng Korea,
- **Mga Antas ng** Negosyo & Batas, Unibersidad ng Texas
- **Kasal ng** 54 taon kay Marlene Petersen, 3 matatandang anak at 4 mga apo

❖ **nagtatag sa Pondong Tiwalang Pangkapaligiran**, tumustos sa isang 1% na pagtaas ng bayad ng prangkisya ng S.D.G.E., na ngayon ay nakalikom na ng higit sa $500,000,000.00.

❖ **nagkatha <sa batas ng mga limitadong kontribusyon ng pangangampanya>** na kung alin ay **naging kauna-unahan** at inilalarawan bilang ang pinakamahigpit sa bansa.

❖ **nagsikap ng matagal sa pagpapatayo ng mga parke;** Mission Bay, Mission Trails, Tecolote Canyon, Wild Animal Park, & libu-libong mga hektarya ng bukas na espasyo.

**Mga panghabambuhay** na kahiligan: **KAPAYAPAAN, KATARUNGAN, at ABOT-KAYANG PAGPAPABAHAY: noong mga 1970** Tagapangulo; Kampanya ng Pagpatigil sa mga Nuclear na Armas; Tagapangulo ng Samahan ng Kapayapaan & Katarungan.

**Kasalukuyang**, Tagapangulo ng Kapayapaan, Rotarya ng Mission Valley; Lupon, Mga Parke ng Kapayapaan ng Gilid Pasipiko; Lupon ng Tagapagpaganap, Kapisanan ng Nagkaisang mga Bansa ng S.D.

# LUNSOD NG SAN DIEGO
## Alkalde



**JAMES B. HART**

Ang paghahanda para sa pag-init ng daigdig, at isang kinabukasan ng nagtataasang halaga ng gasolina at maaring mga kakulangan ay malubhang usapin. Sa mahirap na panahong ito ang isang pagsulong tungo sa pagtatama ng sukat ng populasyong pangrehiyon na may napapanatiling mga pinagkukunan ay kailangang gawin.

Dapat tayong magkaroon ng etika at kagitingan na magsakripisyo kung saan nararapat para sa kabutihan ng mga henerasyong panghinaharap at mas mahalaga ang inang lupa at ang lahat ng samut-saring mga buhay dito.

Maari tayong magpatuloy na magpalaki ng utang at populasyon at pasiglahin ang ating mga tagapagpahiwatig ng ekonomiya sa mas mabilis na paraan. Ngunit tayo ay matulin na umuubos sa mga pinagkukunang yaman sa simula ng mga digmaan.

Sa halip maari nating piliing pasiglahin ang ating ekonomiya sa isang hakbang na magtatagal panghabambuhay. Isang mapapanatiling hakbang tungo sa kapayapaan at kapakanan ng planeta.

Aking iminumungkahi na magkasundo tayong pumasok ng apat na araw sa isang linggo para makatipid sa gasolina sa lalong madaling panahon.

Mas mabilis na pagsasalin sa enerhiya ng araw.

Walang pagpuno ng lupa, muling pagsisiklo sa lahat ng mga naghahalong naidagdag na halagang produkto

Paglimita sa paglaki ng populasyon sa lahat ng dako.

Para sa mas maraming mga kalutasan ang aking lugar ng web ay **www.jimhart.info**

## LUNSOD NG SAN DIEGO
## Alkalde



**JERRY SANDERS**
**Alkalde ng San Diego**

**Minamahal na mga Kapitbahay:**

**Sa gitna ng pinakamalubhang krisis ng pananalapi sa kasaysayan ng ating lunsod, ibinoto ninyo ako bilang alkalde, at ipinangako kong ibalik ang ating lunsod sa tamang landas.**

**Ito ang iilan sa mga nagawa:**

- Nagtatag ng Limang-Taon na Plano ng Pananalapi, pinilit ang bulwagang panglunsod na talakayin ang mga matagal nang ipinagwalang-bahalang problema.
- Nagpairal ng mahigpit na mga bagong pagkontrol sa pananalapi.
- Tinapos ang matagal na naantalang mga pagtutuos ng kuwenta ng badyet.
- Nag-atas ng isang botong pampubliko para sa mga panghinaharap na pagtaas ng mga benepisyo ng empleyado.
- Gumagawa ng isang sistema ng pensiyon upang limitahan ang pananagutan ng nagbabayad ng buwis.
- Inayos ang pamamalakad sa lunsod, nakapag-ipon ng $50 milyon taunan; inalis ang humigit-kumulang 670 mga puwesto.
- Nagtalaga ng higit sa $100 milyon para sa itinabing pagpapanatili at mga proyekto ng imprastruktura – isang pagtataas ng higit sa 4,000 porsiyento.
- Nagtuon sa 26 mga tungkulin ng lunsod para sa pag-impok ng pinamahalaang kumpetensiya.
- Tinaasan ang pagpopondo sa mga kasangkapan ng 60 porsiyento para sa Departamento ng Pagsagip sa Sunog; nagtaas ng sahod para sa mga pulis sa mas maikukumpetensiyang mga antas.
- Tumulong makakuha ng higit sa $1 bilyon sa mga pondo ng pederal at estado para sa transportasyon, paghahanda sa emerhensiya, at mga proyektong pangkapaligiran.
- Nagtatag ng isang maayos sa pananalaping talaorasan ng pagbabayad ng buwis, pagkatapos na mabigo ang mga paglilitis sa pagbaba ng mga benepisyo ng pensiyon.
- Nagawa ang lahat ng ito na hindi nagtaas ng mga buwis.

**Hinihiling ko ang inyong boto upang aking matapos ang trabaho at bigyan kayo ng isang gobyerno ng lunsod na muli ninyong maipagmamalaki.**

**www.ReElectSanders.com**

## LUNSOD NG SAN DIEGO
## Alkalde



**STEVE FRANCIS**
**Negosyante**

Ang ating Lunsod ay nangangailangan ng isang ***matapang, malayang Alkalde*** na magpapasulong sa mga pinakamagagaling na kaisipan at mga katangiang pinahahalagahan ng lahat ng mga Taga-San Diego.

Babawiin ko ang Bulwagang Panglunsod mula sa mga malalaking tagapagpaunlad at mga espesyal na interes.

Panahon na para ***magbago***. Kailangan ng San Diego ang isang pinuno na sa wakas ay magpapauna ***sa mga tao muna***.

Bilang Alkalde, aking:

- Tatapusin ang krisis ng badyet
- Paiiralin ang isang Plano ng Pagprotekta ng Nagbabayad ng Buwis
- Tatanggap ng $1 bawat taon na sahod
- Hindi tatanggapin ang mga kontribusyon mula sa mga espesyal na interes
- Itatatag ang bukas na gobyerno at reporma ng etika
- Poprotektahan ang mga nagbabayad ng buwis ng pensiyon & repormang piskal
- Uunahin ang pagpopondo para sa pagprotekta sa Pulis & Sunog
- Aayusin ang mga parke at baku-bako sa daan
- Isusulong ang San Diego bilang isang nangunguna sa pagprotekta ng kapaligiran
- Ipagtatanggol ang mga kapitbahayan mula sa malalaking mga tagapagpaunlad
- Palalakasin ang ating lokal na ekonomiya sa pamamagitan ng mga matataas na uring trabaho

Ako ay nagtatag ng isang kompanyang tumatao ng mga narse kasama ng aking maybahay, nagbigay ng daang-libong mga trabaho para sa mga narse sa buong bansa. Bilang Tagapangulo ng Father Joe's Villages, alam ko ang mga pangangailangan ng mga hindi napaglilingkuran sa ating komunidad. Ako ay magsisikap ng husto para maibalik ang ating uri ng buhay at gumawa ng kaibahan.

Kasama ng inyong boto, ako ay magiging isang ***malayang pinuno*** para sa bawat Taga-San Diego.


**Steve Francis para Alkalde**

***Isang Malayang Alkalde Para sa Pagbabago***

www.SteveforMayor.com

(858) 320-7504

**LUNSOD NG SAN DIEGO**
**Alkalde**



**ERIC BIDWELL**
**Empresaryo**

Ako ay isang **katutubong Taga San Diego** at nagtatalaga sa aking buhay sa **paggawa sa daigdig na mas magandang lugar para sa lahat**.

Nais kong maging isang alkalde upang **mapasigla at maanyaya ang publiko** ng San Diego para **mapasakanila ang pagkontrol sa ating komunidad** sa pamamagitan ng demokrasya sa halip pahintulutan ang pagkontrol ng espesyal na mga naglolobing interes, at para **magtatag ng isang gobyernong lunsod na tunay na kumakatawan sa lahat ng kanyang mga mamamayan**.

Nais kong dalasan ang paggamit ng **pampublikong transito**, palawakin **ang mga daanan ng bisikleta**, **pasiglahin ang pagsasama sa sasakyan**, at **bawasan ang pagiging umaasa sa mga nag-iisang pasaherong sasakyan**.

Nais kong **gumawa ng isang pang-emerhensiyang website** na **mag-uugnay sa mga pagpapagod** at maging isang **sentralisadong lugar para mapagkunan ng impormasyon** upang gawin ang ating lunsod na **masinop na tumugon** sa **mga sunog**, **mga lindol**, o **iba pang mga sakuna**.

ais kong magsikap upang **mabawasan ang paggamit ng tubig muling isiklo ang maruming tubig**,at gumawa ng isang **ligtas at napapanatiling pinagkukunan ng tubig**.

Nais kong **ayusin ang mga baku-bakong daan**, **mga linya ng tubig**, at **ayusin at panatilihin ang pangkalahatang pampublikong imprastruktur natin**.

Nais kong **makipagtulungan sa publiko** upang **gumawa ng isang mas magandang kinabukasan para sa <u>ating lahat</u>!**

**www.RevolutionaryMayor.com**

# LUNSOD NG SAN DIEGO
## Abugado ng Lunsod



**AMY J. LEPINE**
**Tagapagtaguyod ng Namimili, Tagapaglitis Sibil**

**KARANASAN**

- Tagapagtaguyod ng Namimili: naglitis ng inuring aksiyon para sa pagsasauli sa mga may-ari ng tahanan
- Dating Kinatawang Abugado ng Lunsod, Miyembro ng Puwersang Tama ng Pensiyon
- Aktibista ng Komunidad: nagpatakbo ng klinikang pambatas para sa mga biktima ng karahasang pangtahanan
- May-ari ng Maliit na Negosyo at namamahala: gumawa ng mga trabaho, magbigay-kontribusyon sa ekonomiya

**EDUKASYON**

- Doktor ng Batas, Pakanlurang Paaralan ng Batas ng California, nagtapos na *cum laude*
- Batsilyer ng Sining, Peryodismo. Unibersidad ng Estado ng San Diego, menor Latino Amerikano

### MAGSAGAWA NG TAMANG KALAYAAN

Ang mga taga-San Diego ay karapat-dapat sa isang Abugado ng Lunsod na magiging malaya, hindi lamang sa kanyang paghukom kaugnay ng mga gawaing makabatas at pamamaraan, subalit gayundin sa hindi tamang impluwensiya at kasalungatan ng interes. Ako ay magiging tunay na malaya. Poprotektahan ko ang mga Opisyal ng Lunsod sa pamamagitan ng pagbibigay ng tamang, napapanahong pagpapayong makabatas.

### MAGTIPID NG MGA DOLYAR NG BUWIS

Pipigilin ko ang pagkawala ng kita ng buwis sa pamamagitan ng pagkilala sa mga lugar kung saan magkakautang ang Lunsod. Pipigilin ko rin ang maling paggamit ng nakalaang pera na magreresulta sa paglilitis at pananagutan.

### PASIGLAHIN ANG PAGSALI AT PAGTUTULUNGAN

Ang tunay na kulang sa atin ay hindi ang mga pinagkukunan, kundi pangangarap at pagtutulungan. Aking pasisiglahin ang mapanlikhang pag-iisip at paglutas ng problema. Aking pag-iigihin ang bukas na pag-uusap sa pagitan ng lahat ng mga partido, ng mga Tao, at ng Bulwagang Panglunsod.

**www.lepineforcityattorney.com**

**(619) 231-1337**

# LUNSOD NG SAN DIEGO
## Abugado ng Lunsod



**SCOTT PETERS**

**Presidente ng Konseho ng Lunsod**
**Dating Komisyonado ng Dalampasigan**
**15 Taon bilang Abugadong Pangkapaligiran**
**Karanasan sa Pamamahala ng Mahirap na Paglilitis**
**Kasal, Dalawang Anak**

Bilang unang Presidente ng Konseho ng Lunsod sa ilalim ng ating bagong repormang gobyerno ako ay tumutulong magbalik sa kawastuhang piskal sa San Diego.

**PAGBABALIK SA TIWALA**

Aking nakamit ang pagtangkilik ng mga guro, tagapagtaguyod ng kapaligiran, mga pinuno ng maliit at malaking negosyo at mga pinuno ng komunidad dahil aking naipamalas ang kakayahang gumawa ng pagbabago sa pinakamahalagang mga usapin – pagbabalik ng disiplinang piskal, paggawa ng matataas na sahod na trabaho, pagprotekta sa ating mga kapitbahayan at pagsanggalang sa ating uri ng buhay. **Ang mga Bumbero ng San Diego at sina Senador Christine Kehoe at Dede Alpert ay malakas na tumatangkilik sa aking kampanya.**

**PAGBABALIK SA KARANGALAN**

Kailangan natin ang isang napatunayang tagapamahalang magdadala ng dangal at propesyonalismo sa opisina ng Abugado ng Lunsod. Aking titiyakin na paglilingkuran ng opisinang ito ang inyong mga interes – hindi ang mga interes pampulitika.

**PAGPROTEKTA SA MGA KOMUNIDAD**

Ang isang pinamahalaang propesyonal na opisina ay makakagawa ng mas magaling na trabaho ng pagsanggalang sa ating pamilya sa pamamagitan ng pagpilit sa mga nagpaparumi na linisin ang ating kapaligiran at masipag na protektahan ang mga kapitbahayan, matatanda, kababaihan at lahat ng mga namimili laban sa pandaraya at abuso.

**IBALIK ANG PROPESYONALISMO AT DANGAL**

Ako ay nagpabalik sa tamang pamamahalang piskal sa gobyerno ng lunsod. Kasama ng inyong tulong, dadalhin ko ang propesyonalismo at dangal sa opisina ng Abugado ng Lunsod.

**MANGYARING SAMAHAN KAMI SA www.PetersforSanDiego.com**



**MIKE AGUIRRE**
**Abugado ng Lunsod ng San Diego**

**PARA SA PAMPUBLIKONG INTERES LAMANG**

- Nais nila KAYONG Magbayad sa $1.2 Bilyon na Kakulangan ng Pensiyon
  SABI NI MIKE HINDI!
- Ginawan nila ng Mali ang Lunsod na Nagkautang ng $100 Milyon ng INYONG PERA sa isang tagapagpaunlad
  SABI NI MIKE HINDI. BINALIKTAD ITO!
- Pinayagan Nila ang Mapanganib na Gusaling Sunroad na Pagbantaan ang Kaligtasan ng ATING mga Kapitbahayan
  NAPAHINTO NI MIKE ITO!
- Inalis Nila ang INYONG Pampublikong Paradahan sa Balboa Park
  NAIBALIK NI MIKE ITO!
- Sila ay Gumawa ng Huwad na mga Pananalaping Pumigil sa ATING Kakayahang Magpalabas ng mga Bono
  INAYOS NI MIKE ANG GULO SA SEC!
- Ngayon Nais Nila TAYONG Singilin para Pumarada sa P.B. at La Jolla. Bakit?
  UPANG BAYARAN ANG MGA PANDARAYA SA PENSIYON!

**SI MIKE AGUIRRE LAMANG ANG LUMALABAN PARA SA ATIN SA MGA USAPING ITO**

**ANG KARERA NI MIKE:**

- Tagapaglitis Pederal
  Nagpaganap sa Pagsisiyasat ng Pandaraya sa Pensiyon
- Tagapayo sa Subkomite ng Senado ng U.S. sa mga Imbestigasyon
  Pinamunuan ang Pagsisiyasat sa Pandaraya sa Pensiyon ng Itinatag na Krimen
- Naibalik ang $250 Milyon para sa Matatandang Biktima ng Pandaraya & mga Seguro
- Antas ng Batas U.C. Berkeley
- Antas ng Dalubhasa ng Pangangasiwang Pampublliko Paaralan ng Gobyerno JFK ng Harvard
- Sertipikadong Tagasuri ng Pandaraya

**GOBYERNO NINYO ITO … HUWAG ITONG ISAULI!**

**PANATILIHIN ANG REPORMA SA TAMANG LANDAS!**

**MULING IBOTO SI ABUGADO NG LUNSOD MIKE AGUIRRE**
**www.mikeaguirreforcityattorney.com**

**619-542-1945**

# LUNSOD NG SAN DIEGO
## Abugado ng Lunsod



**BRIAN MAIENSCHEIN**

**Isang Talaan ng mga Nagawa:**

**Nagbigay ng pamumuno upang muling magpatayo pagkatapos ng dalawang malalaking sunog**

**Tinapos ang Ruta ng Estado 56**

**Pinanatili ang higit sa 11,000 na mga hektarya ng bukas na puwang sa pagpapaunlad**

**Bumoto para maitatag ang Komisyon ng Etika at Komite ng Bukas na Gobyerno**

**Itinatag ang Korte ng Tinedyer**

Bilang isang abugado ng negosyo mula sa pribadong sektor, nasa akin ang legal na kasaysayang magdala ng isang propesyonal na boses sa opisina, at bilang isang miyembro ng konseho ako ay araw-araw nagtrabaho sa mga legal na usapin ng lunsod.

Ang aking karanasan sa pagpapatupad ng batas, mga abugado, mga hukom, at ating mga paaralan ay nagbigay sa akin ng kaisipang magtatag sa Korte ng Tinedyer. Sa pakikipagtulungan sa ating mga estudyante, ang programa ay nagpapababa sa krimen ng kabataan at nagpabuti ng maraming-maraming mga buhay. Dahil dito aking natanggap ang Parangal ng Abugado ng Distrito para sa mga Biktima ng Krimen.

Pagkatapos ng dalawang malalaking sunog, nagdala ako ng pamumuno para talakayin ng mabilis at masinop na paraan ang mga ito. Ang Pagawaang Isang Hintuan na aking itinatag ay tinutularan bilang isang pambansang modelo.

Ako ay kukuha ng mga abugado na karapat-dapat para protektahan ang mga nagbabayad ng buwis at bigyan ang Lunsod ng tamang payong makabatas.

Ako ay nagsikap upang matiyak na ang gobyerno ay kumilos ng marangal at sa bukas na paraan. Ako ay bumoto para mapairal ang isang Komisyon ng Etika at ang Komite sa Bukas na Gobyerno para sa mas higit na kaaninagan.

Mangyaring dalawin ang www.BrianForSanDiego.com. Ikararangal kong makuha ang iyong boto para Abugado ng Lunsod.



**JAN GOLDSMITH**
**Hukom ng Korte Superyor ng San Diego**

Bumoto ng isang malaya, walang partido at epektibong Abugado ng Lunsod na magtutuon ng pansin sa batas - hindi pulitika.

Tinatangkilik ng mga pinuno ng tagapagpatupad ng batas Abugado ng Distrito Bonnie Dumanis at Syerip Bill Kolender.

**MAY KARANASAN**

- Hukom ng Korte Superyor ng San Diego
- Pinangatawanan ang San Diego sa Asembleya ng Estado
- Tumanggap sa Pinakamaliwanag na Tala para sa mga Bata na parangal mula sa Lobi ng mga Bata ng California
- Dating Alkalde ng Poway, isang lunsod na maayos na pinapatakbo na walang kakulangan ng pensiyon
- Kasaping propesor ng batas sa tatlong mga paaralan ng batas ng San Diego
- May-ari at matagumpay na nagpalakad ng isang pribadong kompanya ng batas bago nagtrabaho sa serbisyong pampubliko
- Nagtapos sa Unibersidad ng San Diego Paaralan ng Batas na may parangal na magna cum laude
- Kasal ng 33 taon kay Christine na may 3 malalaking anak

**MALAYA AT WALANG PARTIDO**

- Hindi isang tagaloob sa Bulwagang Panglunsod- bagong pananaw sa mga problema
- Malaya - nakatalaga sa mga makabatas na pagpapasya batay sa batas, hindi pulitika
- Ang mga paglilitis pangkriminal ay magiging matapang at gaganapin sa loob ng korte, hindi sa mga panayam ng pahayagan
- Magtutuon ng pansin sa pagpapanalo ng mga paglilitis, hindi sa pagtatala ng mamahaling walang kabuluhang mga kaso
- Laban sa mga pagtataas ng buwis para ayusin ang mga maling pasyang ginawa ng Bulwagang Panglunsod.

***Si Hukom Jan Goldsmith ay magdadala ng tamang paghukom na makabatas, dangal at karangalan sa opisina ng Abugado ng Lunsod.

Upang higit na malaman ang tungkol sa plano ng reporma ni Hukom Goldsmith, tingnan ang kanyang 10 mga Pagtatalaga para sa Pagbabago: **www.jangoldsmithforcityattorney.com**

**LUNSOD NG SAN DIEGO**
**Konseho ng Lunsod – Distrito 1**



**MARSHALL MERRIFIELD**
**May-ari ng Negosyong Pangseguridad**

**KAILANGAN NG BULWAGANG PANGLUNSOD ANG TUNAY NA KARANASAN SA PANANALAPI**

Si Marshall ay isang dating espesyalista ng pananalapi ng munisipyo sa Wall Street. Nauunawaan niya ang bilihan ng bono at alam kung ano ang kailangan para maayos ang kapurihan ng pananalapi ng San Diego.

Si Marshall ay nagtatag at naglingkod bilang CEO ng mga matatagumpay na kompanya, kabilang ang General Lock at Clark Security. Alam niya kung paano ang mamahala sa malalaking, mahihirap na mga kompanya.

**TIYAKIN ANG PANANAGOT SA GOBYERNO NG LUNSOD**

Sinusuportahan ni Marshall ang mga repormang nagtataguyod sa kaaninagan sa pagpapasya ng lunsod. Hindi dapat pahintulutan ang mga pulitiko na magtago ng mga kontrobersyal na pasya sa likod ng saradong pinto. Si Marshall ay may karanasan sa pagtupad sa mga regulasyon ng segurong pederal.

**PROTEKTAHAN ANG ATING KAPALIGIRAN**

Si Marshall ay nakatalaga sa pagsanggalang sa ating mga basang lupa, mga dalampasigan at mga baybayin mula sa sobrang pagpapaunlad, pagdudumi at pag-agaw ng lunsod. Aataasan ni Marshall ang mga tagapagpaunlad na lutasin ang mga problema ng trapiko bago maaprubahan ang mga proyekto.

**LAHAT NITO AY TUNGKOL SA ATING MGA ANAK**

Si Marshall ay isang boluntaryong magulang sa mga liga ng palakasan ng kabataan, isang dating miyembro ng lupon ng lokal na YMCA, at tagapagtatag sa mga Kapareha sa Palaruan-isang kapisanang walang tubo na nagbibigay ng ligtas, mga pagkakataong panglibangan para sa higit sa 10,000 mga bata ng San Diego.

Si Marshall ay nagtapos sa Princeton, matagumpay na empresaryo, aktibista ng komunidad at boluntaryong magulang. Siya, ang kanyang maybahay na si Ginny, at ang kanilang tatlong mga anak ay nakatira sa Carmel Valley.

**MARSHALL MERRIFIELD:**
**KARANASANG INYONG MAPAGKAKATIWALAAN – PARA PROTEKTAHAN ANG KINABUKASAN.**

www.JoinMarshall.com

# LUNSOD NG SAN DIEGO
## Konseho ng Lunsod – Distrito 1



**PHIL THALHEIMER**
**May-ari ng Maliit na Negosyo**

Ako ay si Phil Thalheimer – ako ay isang negosyante at taong makapamilya, hindi isang pulitiko.

**Ako ay Tumatakbo para Mabalanse ang Badyet ng Bulwagang Panglunsod** at gisingin ang Bulwagang Panglunsod: nais natin na gastusin ang pera sa sunog, pulisya, mga parke, at mga daan – hindi sinasayang.

Iaatas ko ang isang pagtutuos ng kuwentang pampubliko sa bawat departamento para maalis ang paglulustay. Iaatas ko ang pananagot sa bawat dolyar na ginastos.

**Ako ay Tumatakbo para sa Reporma ng Etika at Kaaningan** sa mga bukas na pagpupulong ng Bulwagang Panglunsod – mga libro ng kuwenta, at mga pag-uusap kung paano nila ginagastos ang pera.

Ako ay lalaban sa mga paglalaro ng negosyong dating gawi na nilalaro ng mga tagaloob, mga Espesyal na Interes, at mga pulitiko. Kaya ko dahil hindi ako isa sa kanila.

**Ako ay Tumatakbo Dahil Ako ay May Isang Talaan ng Tagumpay.**

Noong sinubukang gibain ng mga manlulupig ang ospital ng Mga Beterano ng Mt. Soledad Memorial, pinamunuan ko ang kampanya para pigilin ito.

Noong kinailangan ng mga bata ang pagprotekta sa mga manlulupig ng sekso, pinamunuan ko ang kampanya ng Batas ni Jessica ... nilipol ang mga pinakamasasamang kriminal mula sa ating mga kalye.

Magsasalita ako ng tapatan: Hindi ako naghahangad ng isang karera sa pulitika, nais kong balansehin ang badyet, linisin ang Bulwagang Panglunsod, at ipaalala sa mga pulitiko na sila ay nagtatrabaho para sa atin.

Ako ay magiging palaging maaring malapitan at palagi ninyo akong maaring tawagan sa aking personal na numero ng telepono (619-846-0162), ako ay magsisikap para sa inyo.

## LUNSOD NG SAN DIEGO
## Konseho ng Lunsod – Distrito 1



**SHERRI S. LIGHTNER, P.E.**
**May-ari ng Maliit na Negosyo**
**Inhinyerong Mekanikal**

Si Sherri Lightner ay isang 45-taong residente ng San Diego, kung saan siya ay lumaki, nag-aral, nag-asawa at nagpalaki sa kanyang mga anak. Siya ay aktibong naglingkod sa higit sa isang dosenang mga kapisanan ng komunidad.

**Si Sherri ay magbibigay ng pagpapauna sa mga kapitbahayan.**

Karapat-dapat ang mga taga-San Diego ng mga basikong serbisyo sa kanilang mga kapitbahayan. Si Sherri ay lalaban upang tustusan ang mga pagpapagod sa pagbabantay ng komunidad, pananatilihing bukas ang ating mga parke at aklatan, at magbibigay sa inyo ng isang tunay na boses sa inyong mga kapitbahayan.

**Si Sherri ay magpoprotekta sa ating dalampasigan, mga likas na pinagkukunan at bukas na espasyo.**

Sa talaan ng mga nagawa ni Sherri, alam natin na siya ay lalaban para protektahan ang ating mga dalampasigan, mga parke, at bukas na espasyo. Bilang isang inhinyero, nauunawaan niya ang mga mahihirap na usaping pangkapaligiran at teknika. **Si Sherri ay tinatangkilik ng Klub Sierra at Liga ng mga Botanteng Nagsasanggalang!**

**Si Sherri ay magdadala ng isang kasaysayan ng pananagutang piskal sa Konseho.**

Bilang isang may karanasang may-ari ng negosyo, si Sherri ay magpapasimula at magsusuporta sa wastong mga pagpapasya ng pananalapi na ating tunay na kailanggan upang mapabilis ang paggaling ng ating Lunsod.

**Si Sherri ay may isang kasaysayan ng paglilingkod sa ating komunidad.**

- Miyembro ng Lupon at opisyal ng maraming mga grupo ng komunidad para sa paggamit ng lupa, pagpaplano, trapiko, at pagsanggalang ng pinanggalingan.
- Tagalikom ng pondo ng YMCA, pinuno ng Babaeng Iskaut, miyembro ng Kiwanis, Ina ng koponan ng saker.

Iboto si Sherri Lightner para sa Konseho ng Lunsod
www.SherriLightner.org
858-454-4764



## PAUL BROADWAY

Si Paul ay isang beterano ng Hukbong Pandagat ng US at nagmamalaking miyembro ng VFW Poste # 7420, isang may-ari ng tahanan na tumira sa San Diego ng dalawampu't limang taon. Siya ay naglingkod bilang isang opisyal ng pederal na kaligtasang pampubliko at kasalukuyang namamasukan bilang isang mekaniko ng pagawaan, ngunit mas kinikilala bilang ang may-ari at namamahala, kasama ng maybahay na si Marcia, ng kilala at kagalang-galang na makasaysayang palatandaang ng San Diego, Sparky's.

Si Paul ay hindi tumatanggap ng mga kontribusyong pera, at ipinangangakong maglingkod ng isang taning lamang.

Hinihiling niya ang inyong boto upang magpatupad ng mahalagang pagbabago sa Bulwagang Panglunsod na nagpahintulot sa kabulukan at mapanganib na maling mga pagpapauna.

Ang serbisyong pampubliko ay isang tungkulin, hindi isang karera. Mayroon na tayong sapat na mga nakaugaliang pulitiko (trapo). Tayo bilang isang komunidad ay kailangang magsagawa sa mga bagay-bagay. Kailangan natin at karapat-dapat tayo sa isang lunsod na nagsisikap para sa atin.

Ang mga panloob na usapin ni Paul:

- Pagsunod sa lahat ng mga batas pederal, estado, at lokal.
- Isang A na antas ng kredito
- Patakaran ng tubig na may katuturan
- Katarungan sa iskandalo ng pondo ng pensiyon
- Ang ating lunsod bilang isang sentro para sa negosyong luntian

SUMALI!

http://www.BroadwayPub.com

## LUNSOD NG SAN DIEGO
## Konseho ng Lunsod – Distrito 3



**TODD GLORIA**
**Tagapagpaganap ng Distritong Pangkongreso**

**Ang <u>tanging</u> kandidatong tinatangkilik ng <u>KAPWA</u> Pulis at Bumbero!**

**<u>Tinatangkilik ng/ni:</u>**
*Mga Bumbero ng Lunsod ng San Diego*
*Kapisanan ng mga Opisyal ng Pulisya ng San Diego*
*Liga ng mga Botanteng Nagsasanggalang*
*Kapisanang Pampulitika ng Latino Amerikano*
*Kongresista Susan Davis*

Si Todd Gloria ay isang ikatlong henerasyon, katutubong taga-San Diego kung kaninong mga ninunong pinanggalingan ay magkakahalong Likas na Amerikano, Filipino, Latino, at Olandes. Siya ay maglilingkod sa LAHAT ng mga komunidad ng Distrito 3. Ginugol ni Todd ang kanyang buong buhay sa pagboboluntaryo at pagtatrabaho sa ating mga kapitbahayan.

Si Todd ay:

- **Magpapabuti sa Kaligtasang Pampubliko**. Lalaban si Todd upang ibalik ang Mga Opisyal na Tagapag-ugnay sa Komunidad para mabawasan ang krimen at gumawa ng mga pagpapabuting kailangan ng mga bumbero ng sunog upang protektahan tayo.

*"Naniniwala si Todd na karapat-dapat tayong makadama ng kaligtasan sa ating mga kapitbahayan. Tinatangkilik ng mga bumbero ng sunog si Todd dahil siya ang pinakamahusay na magpapabuti sa kaligtasang pampubliko."*

Chet Bertell, Mga Bumbero ng Lunsod ng San Diego

- **Nagbibigay-tuon sa mga Pangangailangan ng Kapitbahayan.** Ilalagay ni Todd ang ating mga dolyar ng buwis kung saan nating higit na kailangan ang mga ito--sa pag-aayos ng mga ilawan ng kalye at mga baku-bako ng daan, pagpapatuloy sa paglalagay sa utilidad sa ilalim ng lupa, pagpapabuti sa imprastruktura, at pagpapanatiling bukas sa mga aklatan at mga parke.
- **Gamitin ang kanyang Karanasan para Lutasin ang Krisis ng Pananalapi.** Tumutulong si Todd na pangasiwaan ang isang $224,000,000 abot-kayang badyet ng pamamahay. Nasa kanya ang karanasan ng pananalapi upang ilagay ang San Diego sa tamang landas.

Samahan ang mga Bumbero, Pulis at mga Nagsasanggalang sa Kapaligiran.
Iboto si Todd Gloria sa ika-3 ng Hunyo!

<u>www.toddgloria.com</u>.

## LUNSOD NG SAN DIEGO
## Konseho ng Lunsod – Distrito 3



**JAMES HARTLINE**
**Tagalathala**

Pitong taon na ang nakakaraan ako ay nagsimula sa isang paglalakbay na linisin ang maraming mga malulubhang problemang sumasalanta sa Distrito 3. Aking napag-alaman na ang mga magulang, mga bata at mga matatanda ay naging biktima sa Distrito 3, resulta ng malagim na maling pamamahala ng ating mga mahahalagang pinagkukunan ng gobyerno sa komunidad. Mula sa isang illegal na negosyo ng kahalayang matatagpuan sa harap mismo ng isang paaralang elementarya ng Hillcrest hanggang sa pagsugod ng mga hindi inanyayahang muling tagapagpaunlad sa loob ng buong Distrito, nakita ko kung paano nailagay sa malubhang hindi makatarungang kalagayan ang ating mga nagsusumikap sa trabahong nagbabayad ng buwis at mga pamilya. Sa loob ng nakaraang pitong taon, ako ay nanindigan para sa mga pinakamahihinang mamamayan ng ating Distrito. Sa kabila ng paulit-ulit na pagtatangka ng mga makapangyarihang espesyal na interes na pigilin ang aking mga pagpapagod na linisin ang Distrito 3, hindi ako bumigay sa labanang pagsagip sa aking komunidad. Sa loob ng nakaraang pitong taon, ako ay lumaban sa tunay na labanan upang malinisan ang ating distrito. Ipagpapatuloy ko ang aking paninindigan sa bulwagang panglunsod para sa lahat ng ating mga mamamayan ng Distrito 3. **Bilang inyong miyembro ng konseho sa Distrito 3, may tiwala akong nagpapahayag sa inyo na ang araw ng kabulukan at mga kasunduang patalikod ay tapos na. Ipinangangako kong igagalang ang Distrito 3 sa pamamagitan ng mga pasyang batay sa dangal, katotohanan at buong katapatan.**

**James Hartline**
**www.hartline08.com**
**619-793-9661**

## LUNSOD NG SAN DIEGO
## Konseho ng Lunsod – Distrito 3



**STEPHEN WHITBURN**
**Tagapagturo ng Kalusugang Pangkomunidad**

**"Si Stephen Whitburn ay nagtataglay ng dangal na ating kailangan sa Bulwagang Panglunsod at sa karanasan upang magawa ang mga bagay-bagay."**
**-- Miyembro ng Konseho Donna Frye**

**Ibalik ang Dangal sa Bulwagang Panglunsod**
Ang Bulwagang Panglunsod ay dapat nagsisikap para sa mga tao, hindi sa mga tagapagpaunlad at mga naglolobi. Si Stephen ay lalaban para sa bukas, matapat na gobyerno at pipigilin ang mga kasunduang patalikod. Ang mga kapitbahayan ay dapat mas sumasali sa pagsusuri ng mga pagpapaunlad at mga badyet ng lunsod.

**Panatilihing Ligtas Ang Ating Mga Kalye**
Sinusuportahan ni Stephen ang higit na pagpopondo para sa pulisya at mga bumbero upang magkaroon ng dalawang mga opisyal na pulis bawat sanlibong mga residente at mga panahon ng pagtugon sa sunog na hindi tatagal sa limang minuto.

**Protektahan ang Ating Uri ng Buhay**
Itutuon ni Stephen ang mga dolyar ng buwis upang ayusin ang mga kalye at gilid ng daanan at magtatayo ng mga parke ng kapitbahayan. Poprotektahan niya ang mga maliliit na negosyo na nagpapalakas sa ating mga kapitbahayan.

**Tinatangkilik ng/ni:**

**Kongresista Bob Filner**
**Miyembro ng Konseho Donna Frye**
**Dating Senador ng Estado Lucy Killea**
**Demokrasya para sa Amerika - San Diego**
**Umuunlad na Mayoriya**
**Konseho ng Gawa ng mga County ng San Diego - Imperial**
**Liga ng Pagkakaisa ng San Diego**
**Klub Sierra**

Si Stephen ay naglilingkod sa Komite ng Pagpaplano ng Parkeng Hilaga. Isang peryodista ng 18 taon, siya ngayon ay namamasukan sa isang sentro ng komunidad pangkalusugan na walang tubo.

**"Si Stephen Whitburn ay magiging isang malayang boses at lalaban sa mga espesyal na interes upang protektahan ang ating mga kapitbahayan."**
**-- Kongresista Bob Filner**

**www.StephenWhitburn.com**

**LUNSOD NG SAN DIEGO**
**Konseho ng Lunsod – Distrito 3**



**JOHN HARTLEY**
**Dating Miyembro ng Konseho ng Lunsod**
**Kapwa-Tagapangulo,**
**Mga Pagtatambalan para sa Ligtas na mga Kapitbahayan**
**Mga Kapitbahayan para sa Malinis na mga Eleksiyon**

Tinatangkilik:
**Kapisanan ng mga Opisyal ng Pulisya ng San Diego**
**Klub Sierra, TaxpayersAdvocate.org**

Ang mga kapitbahayan ay pinapawalang-bahala. Pinutol ang mga pagpapatrulya ng pulis! Mga kalye/gilid ng daaanan sira! Malalaking mga pagpapaunlad isiniksik sa tahimik na mga kapitbahayan! Ang mga matatamis na kasunduan at mga pamimigay ng mga espesyal na interes ay nagpapahirap sa kayamanan ng lunsod.

**John Hartley.**
**Pagbabahay-bahay. Paglaban para sa Ating mga Kapitbahayan.**

*Sama-sama, maari nating baguhin ang mga pangunahing tuon ng ating lunsod at pagandahin ang San Diego. Noong ako ay nasa Konseho, palagi kong pinapauna ang mga kapitbahayan.*

**Ang Karanasang Kailangan Natin.** Si John Hartley ay nagbigay ng 25+ taon ng Serbisyo sa Komunidad.

- Presidente, Kapisanan ng Daanang El Cajon
- Boluntaryo ng Taon ng Klub Sierra
- Tagapagtatag sa dalawang Mga Distrito ng Pagpapaayos sa Negosyo ng Mid-City
- Iniligtas ang mga basang lupa ng Famosa Slough
- Pinamunuan ang kampanya ng mga Eleksiyon ng Distrito
- Miyembro ng Konseho ng Lunsod, 1989-1993
  - Mga Patrulya ng mga Mamamayan, Bantay ng Kapitbahayan, Pagtatanggal ng Grapiti, Puwersang Tama ng Prostitusyon, Mga Sangay na Opisina ng Pulisya
  - Nagtatag: Komisyon ng Ugnayang Pangtao, Pagbabawal ng Alkohol sa mga parke, Ordinansa ng Karangalang Pangtao
  - Tinustusan: Mid-City para sa Kabataan, Pamagitan sa Barkadahan, Sentro ng Komunidad LGBT, pagpapalaki sa Aklatan ng Parkeng Hilaga
  - Lumikha: Opisina ng mga Kapitbahayan, Korporasyon ng Pagpapaunlad ng Mid-City, mga Komite ng Pagpaplano sa loob ng buong Mid-City
- **Mga Pagtatambalan para sa Ligtas na mga Kapitbahayan: Nagpasimula sa 30+ mga grupo ng Bantay ng Kapitbahayan.**
- Mga Kapitbahayan para sa Malinis na mga Eleksiyon
- Presidente, Mga Kaibigan ng Aklatan ng Kensington/Normal Heights
- **Nag-ayos ng mga pagkakaisang humingi ng mas maraming pulis**

**John Hartley**
***Ligtas na mga Kalye. Malalakas na mga Kapitbahayan.***

**LUNSOD NG SAN DIEGO**
**Konseho ng Lunsod – Distrito 3**



**ROBERT E. LEE**
**para sa Distrito 3,**
**Presko. Bago. Pagbabago.**

Nagsawa na ba kayo sa iskandalo at kawalan ng kakayahan sa Bulwagang Panglunsod ng San Diego? Ang sabi ko, Tama na!, kung kaya ako ay tumatakbo para sa Konseho ng Lunsod, Distrito 3. Ipinagmamalaki kong maging isang tagalabas na lalaban sa mga espesyal na interes na nagpaparumi sa Bulwagang Panglunsod at nag-iiwan sa atin, na mga tao, na nakahawak sa supot at nagbabayad sa gastos.

Ang aking **3 at 3** na plano para sa **pagbabago** ay nagbibilang ng:

**Sa Distrito 3:**

- **Pagpigil sa krimen.** Palaguin ang pagkakaroon ng Pulis sa Distrito 3, litisin ang mga nagkasala sa buong hangganan ng batas, at suportahan ang mga grupo ng Bantay ng Kapitbahayan.
- **Mga pagpapabuti sa transportasyon at paglilipat-lipat.** Pahusayin ang sasakyang pampubliko, kabilang ang Mabilis na Sasakyang Bus, at pagandahin ang ating mga kalye.
- **Suportahan ang pagpapaunlad ng ekonomiya at maliit na negosyo,** upang tayo ay makapamili sa ating mga kapitbahayan.

**Pambuong Lunsod:**

- **Reporma ng pensiyon at pananalapi.** Talagang hindi natin kayang magbayad ng mga kinakailangang programa at mga pagpapabuti hangga't hindi natin naisasaayos ang mga pananalapi ng ating Lunsod.
- **Pagpapaayos sa imprastruktura at pagpapaganda.**
- **Kaligtasang Pampubliko — Pulis at Sunog — pagpapanatili at pagpapaganda.** Panatilihin at damihan ang ating mga propesyonal ng Pulis at Sunog, at paabutin sa pamantayan ang kagamitan at mga pasilidad.

Kung kayo ay pagod na sa negosyong tulad ng dating gawi, mangyaring iboto si **Robert E. Lee para sa Distrito 3!**

Salamat po.

**http://robert-lee.org**

**P.O. Box 81666**
**San Diego, CA 92138**

**LUNSOD NG SAN DIEGO**
**Konseho ng Lunsod – Distrito 5**



**CARL DEMAIO**
**Maliit na Negosyante/**
**Bantay ng Gobyerno**

Kailangan natin ang isang **BANTAY** upang **LINISIN ANG BULWAGANG PANGLUNSOD.**

**Carl DeMaio: Isang Talaan ng mga Nagawang Reporma**

Ang may-ari ng negosyo na si Carl DeMaio ay isang bantay ng gobyerno na tumulong maglantad sa krisis ng pananalapi sa Bulwagang Panglunsod. Ginugol niya ang malaking bahagi ng kanyang buhay sa pagreporma ng mga lokal na gobyerno: tumulong sa pagpigil ng pagsasayang ng gobyerno at pahusayin ang mga serbisyo.

**Carl DeMaio: Dangal at Katapatan**

Tumulong si Carl na ipaalam sa publiko kung paano nilustay ng mga pulitiko ang ating pinaghirapang kitaing pera. Si Carl ay magiting na lumalaban sa mga espesyal na interes — sa konsehong kanyang paglilingkuran bilang bantay ng mga nagbabayad ng buwis.

**Carl DeMaio: Mga Lunas sa mga Problema ng Lunsod**

- Lutasin ang Krisis ng Pananalapi: Balansehin ang badyet at bayaran ang utang ng lunsod.
- Ayusin ang ating mga Daanan at Sistema ng Tubig: Tiyakin na ang mga pondo ng imprastruktura ay ginagamit sa wastong paraan.
- Pagbutihin ang mga Serbisyo ng Kapitbahayan: Magtuon ng pansin sa mga panloob na serbisyo ng gobyerno at kaligtasang pampubliko.
- Ibalik ang Etika at Kaaninagan sa bawat antas ng gobyerno ng lunsod.

**Carl DeMaio: Ang Pili ng Ating Komunidad**

Ang Samahang Howard Jarvis ng mga Nagbabayad ng Buwis at si Siyerip Bill Kolender ay tumangkilik kay Carl DeMaio … kabilang ang higit sa 1,000 sa ating mga kapitbahay!

*Sama-sama, maari nating gawing mananagot ang Bulwagang Panglunsod ... maari tayong lumaban para sa tunay na pagbabago. Inaasahan kong samahan ninyo ako.* -- Carl DeMaio, Bantay ng Gobyerno

www.CleanUpCityHall.com

**LUNSOD NG SAN DIEGO**
**Konseho ng Lunsod – Distrito 5**



## GEORGE GEORGE
## May-ari ng Negosyo

Si George George ay isang dating hepe ng sunog na may higit sa 30 taon na karanasan ng paglilingkod sa mga komunidad ng Distrito 5.

**Gi George ay magpoprotekta sa ating mga kapitbahayan.**

- Gawin ang mga serbisyo ng sunog, pulis at emerhensiya na isang pangunahing tuon. Kailangang tayo ay mas higit na nakahanda para sa mga sakunang katulad ng mga sunog ng 2003 at 2007.
- Tiyakin na palagi nating tinutustusan ang mga pangangailangan ng mga kalye, tubig, tuberiyas at iba pang mga imprastruktura.
- Magtaguyod ng mas magandang plano para sa pagtalakay ng mga problema ng trapiko.
- Magbigay ng mga alternatibo ng transportasyon, lalung-lalu na para sa ating mga nakakatandang mamamayan.

Si George ay tinatangkilik ng mga Bumbero ng Lunsod ng San Diego.

**Titiyakin ni George na ang ating mga pagpupundar ng buwis sa Lunsod ay hustong pinamamahalaan.**

- Napatunayang talaan ng mga nagawa sa pamamahala ng higit sa 1,000 mga empleyado at pagbalanse ng milyun-milyong dolyar na mga badyet.
- Magsikap para palaguin ang mga reserba ng lunsod at itigil ang pagbalanse ng badyet ng isang beses na pagpopondo.

**Si George ay isang mahalagang miyembro ng ating komunidad.**

- 45-taon na residente ng Rancho Bernardo.
- Nagpalaki ng apat na mga anak sa ating komunidad kasama ng kanyang maybahay na si, Jo Ann.
- Nagsisimba sa Simbahang St. Michael.
- Naging aktibo sa putbol ng Pop Warner, Maliit na Liga, saker at sopbol.
- May-ari ng maliit na negosyo na nagbibigay ng bahagi ng mga tubo sa kawanggawa.
- Miyembro ng Sala ng Komersiyo ng Hilagang SD

Iboto si George George para sa Konseho ng Lunsod sa ika-3 ng Hunyo.

www.votegeorgegeorge.com.

**LUNSOD NG SAN DIEGO**
**Konseho ng Lunsod – Distrito 7**



**DAVID TOS**
**Beteranong Militar/Aktibong Opisyal ng Pulis**
**Tagapaggalaw ng Komunidad at**
**Espesyalista sa Pagsasaayos ng Kasalungatan**

Sino ang inyong mapagkakatiwalaan na pinakamahusay na maglilingkod sa inyo? Ang sagot sa simpleng tanong na ito ang nakakapagbigay-kaibahan sa aking kandidatura. Bilang isang beterano ng Hukbong Pandagat at aktibong reserba ng militar, ipinangako kong ipatupad ang Konstitusyon. Bilang isang opisyal na pulis, ako ay nanumpang maglingkod at magprotekta at magkaroon ng tiwalang sibil na limitahan ang mga karapatan ng mga mamamayan. Sa loob ng aking karera, inilagay ko ang aking buhay sa panganib upang maglingkod. Ako ay tumugon sa pananagutang ipinagkatiwala sa akin ng may dangal at pagtatangi. Kapag nakaupo na, ipagpapatuloy ko ang tungkulin ng aking buhay sa pamamagitan ng ...

- Pagtitiyak sa pananagutan sa distrito, mga mamamayan, at lunsod sa pamamagitan ng pagtatatag ng mga nagtutulungang pagtatambalan sa mga lokal na munisipyo at mga samahang sibik.
- Pagdadaos ng mga ikatlong-buwan na pagpupulong kasama ng at pagpapahayag ng mga ikatlong-buwan na ulat ng pamamahagi sa mga grupo ng komunidad.
- Pagsasaayos sa kodigo ng pagpapatupad.
- Pagpapagalaw sa komunidad upang talakayin ang mga usapin ng uri ng buhay.
- Pagpapatupad sa pananagot ng nagpapaupa.
- Pagtiyak sa tamang pamamahagi ng buwis ng TOT sa mga karapat-dapat na grupo at pamamahagi ng mga buwis sa mga dibisyon ng lunsod.
- Pag-akit ng mga bagong negosyo, lalo na sa Daanang El Cajon, na maglilingkod sa mga pangangailangan ng komunidad.
- Pagpapabuti sa muling pagsisiklo.
- Pagtitiyak sa hustong pagbabahay ng mga beterano.
- Pagtitiyak na matapos ang sementeryong Miramar.
- Pagbibigay-remedyo sa programa ng paggawad ng CDBG.
- Pagpapadali sa pagdating ng matapat na pagkakaunawa sa gulo ng pensiyon.

**www.DavidTos.com**

**LUNSOD NG SAN DIEGO**
**Konseho ng Lunsod – Distrito 7**



## BILL DANIEL

Ako ay si Bill Daniel at ako ay tumatakbo para sa konseho ng lunsod dahil ako ay talagang hindi masaya sa gobyerno ng lunsod. Isang guro ng paaralang pampubliko ng 24 mga taon, ako ay tumira sa lugar ng Parkeng Hilaga ng 50 mga taon hanggang sa ang aking ina ay napunta sa isang tahanan ng mga matatanda. Ako ay nakatira sa Lugar ng College ng higit sa isang taon na. Ako ay walang asawa at palaging naging aktibo sa Paaralang Linggo ng anumang simbahang aking kinasasapian. Ako ay nakasali sa mga eleksiyon ng San Diego ng ilang taon na. Mula noong tumira sa Lugar ng College, ako ay nakasali sa Konseho ng Komunidad ng Rolando.

Habang ang iba ay nagdedebate tungkol sa mga imprastruktura at aklatan, nais kong ituon ang aking kampanya sa mga mahahalagang usapin na sumalanta sa Bulwagang Panglunsod ng maraming taon na. Kung walang pagbabagong moral at marangal walang magiging katiyakan na ang sinumang taong ibinotong mangangatawan sa atin ay makakatiis na labanan ang mga boses na humihingi ng kanilang panahon at pansin. Aking itinataguyod ang mga bukas na pulong ng konseho ng lunsod sa ika-7 ng gabi at pagsasabi sa mga tapagapagpaunlad, sa mga unyon, sa lobi ng mga bakla, at mga abugado, kung nais nilang magsalita sa harap ng konseho ng lunsod maari nilang gawin ito sa regular na mga pagpupulong pagkatapos ng lahat ng ibang mga mamamayan.



**APRIL BOLING**
**Sertipikadong Tagapagtuos Pampubliko / Negosyante**

Lutasin ang Krisis ng Pananalapi ng San Diego ... Magpadala ng isang Sertipikadong Tagapagtuos Pampubliko sa Bulwagang Panglunsod.

**April Boling: Pagbabalanse sa Badyet**

Si April ay isang walang pangingiming CPA na may tunay na karanasang pang-trabaho na kailangan ng Bulwagang Panglunsod upang isa-isahing siyasatin ang badyet ng masinsinan.

*"Bilang Presidente ng Kapisanan ng Nagbabayad ng Buwis sa County ng San Diego, inilantad ni Boling ang pagsasayang sa Bulwagang Panglunsod at inatas ang reporma."*
-Marcia Fritz, Bise Presidente, Pundasyon ng California para sa Pananagutan sa Pananalapi

**April Boling: Paglalantad at Paglutas sa Krisis ng Pensiyon**

Nilalabanan ni April ang di kapani-paniwalang programa ng DROP, na gumawa sa atin na magbayad para sa pagretiro ng mga milyong dolyar na burokrata.

*"Isang malayang boses sa Komite ng Reporma ng Pensiyon ng San Diego, tumulong si April na ilantad ang krisis ng pensiyon."*
-Scott Barnett, TaxpayersAdvocate.org

**April Boling: Pag-aatas ng Kaaninagan sa Bulwagang Panglunsod**

Si April ay nakatalang nag-aatas ng mga batas na nagpapahintulot sa publiko na makita ang bawat dolyar na ginagastos ng mga pulitiko at mga espesyal na interes.

*Ako ay isang CPA, hindi isang pulitiko. Katulad ninyo, ako ay pagod na at nagagalit dahil ang ating mga ibinotong opisyal ay hindi nakakagawa sa mga bagay-bagay. Bilang inyong miyembro ng konseho, bubuksan ko ang mga libro ng kuwenta at ilalantad ang mga kasunduang patalikod. Aking iaatas ang pagbabago at lalaban para sa pinakamahusay na antas ng kaligtasang pampubliko, mga parke at daanang karapat-dapat sa atin at binabayaran. - April Boling, CPA*

www.aprilboling.com



**MARTI EMERALD**
**Tagapagsiyasat ng San Diego**
**at Dating Tagapagtaguyod ng Mamimili**
**ng Channel 10 Balita**

Sa 20+ taon, **si Tagapagsiyasat Marti Emerald** ay naglantad ng mga maruruming opisyal at mga mandurugas na nanloloko sa mga matatanda, nagpoprotekta sa mga mamimili at nagbibigay-katipiran sa mga nagbabayad ng buwis ng milyun-milyon.

**Si Tagapagsiyasat Marti Emerald** ay nagtamo ng 13 mga Emmy (parangal), 4 mga Golden Mike, at mga parangal mula sa Kapisanan ng mga Abugado ng Distrito at sa Pambansang Klub ng Pahayagan.

***Ang San Diego ay isang lunsod na may suliranin. Ipadala ang Tagapagsiyasat sa lunsod upang linisin ang Bulwagang Panglunsod.***

- Wala nang mga matatamis na kasunduan para sa mga naglolobi at mga nagbibigay ng malalaking kontribusyon sa kampanya.
- Repormahin ang proseso ng badyet ng lunsod.
- Itatag ang isang Malayang Tagapagtuos ng Kuwenta ng Lunsod.
- Tuusin ang kuwenta ng bawat departamento upang alisin ang pagsasayang at walang kasinupan.
- Limitahan ang paglaki sa Estado ng San Diego at pasiglahin ang mga sangay na kampus.
- Protektahan ang mga matatanda/mga mamimili ng isang malakas na Yunit ng Pagprotekta ng Mamimili.
- Mas maraming Pulis sa ating mga kalye. Mas maraming mga Bumberong magpoprotekta sa atin.

*Pinaninindigan ko ang bukas at matapat na gobyerno.* ***Walang mga lihim na kasunduan sa mga naglolobi, mga tagapagpaunlad o mga nagbibigay ng kontribusyon.*** *Ang aking kalendaryo ay magiging pampubliko – kung sino ang aking kakausapin at kung ano ang aming pag-uusapan – at ako ay lalaban para buksan ang mga kalendaryo sa Bulwagang Panglunsod.*

Ang Kapisanan ng mga Opisyal ng Pulisya ng San Diego
Mga Bumbero ng Lunsod ng San Diego
Klub ng Sierra
libu-libo nating mga kapitbahay
ay lahat tumatangkilik

**Marti Emerald**
Tagapagsiyasat para sa Konseho ng Lunsod.